# Pagkaka-expose sa Bloodborne Pathogen

Dapat maging maalam ang mga empleyado ng adult family home sa mga panganib ng pagkaka-expose sa mga bloodborne pathogen tulad ng hepatitis B, hepatitis C, at HIV. Ang hepatitis B at C ay nagdudulot ng malubhang pinsala sa atay. Ang HIV ay nagpapahina sa immune system ng katawan nagsasanhi ng hindi nito paglaban sa impeksyon. Sumangguni sa Chapter 296-823 WAC para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran ng Washington State ukol sa BBP.

## Ano ang dapat mong gawin kung na-expose ka sa dugo o OPIM (Iba pang Posibleng Mapanganib na Materyales)?



### Magbigay ng agarang pangangalaga pagkatapos ma-expose sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

- Hugasang mabuti ng sabon at tubig ang mga tusok ng karayom, matutulis na bagay, at mga sugat.
- Banlawan at/o hugasan nang mabuti ng tubig ang mga talsik sa ilong, bibig, o balat.
- Kung ang dugo o OPIM ay napunta sa mata, tanggalin ang contact lenses (kung mayroon), banlawan ang mata gamit ang malinis na tubig, saline, o sterile irrigants, at hugasan ito sa loob ng 15 minuto gamit ang eyewash station.
- I-ulat ang insidente sa supervisor at magbigay ng impormasyon tungkol sa “pinagmulan” na pasyente.
- Agad na kumuha ng alagang medikal upang matukoy ang panganib na kaugnay ng pagkaka-expose.

Source: https://www.cdc.gov/niosh/healthcare/risk-factors/bloodborne-infectious-diseases.html

Kabilang sa mga kinakailangan ng employer para sa contact sa dugo o “Other Potentially Infectious Material/Iba pang Posibleng Mapanganib na Materyales” (OPIM) ng manggagawa ang pag-aalok ng bakuna laban sa Hepatitis B, pagbabayad ng gastusing medikal kung may na-expose, pagpapanatili ng mga kumpidensyal na medical record, at pagbibigay ng medikal na pagsusuri pagkatapos na ma-expose.

Adult Family Home Council OF WASHINGTON STATE
Long-Term Care Foundation of Washington State
PIM SAVVY COMMUNITY OUTREACH
SHIP Grant Program | Safety and Health Investment Projects | Lni.wa.gov/SafetyGrants
Funding and support provided by the Department of Labor & Industries